

Praymer sa Pagtatag ng *VAW Desk* sa Barangay

Pangalawang Edisyon




PANIMULA

Ano ang *Violence Against Women (VAW)*?¹

Ang VAW o Karahasan Laban sa Kababaihan ay tumutukoy sa anumang kilos ng karahasan batay sa kasarian na nagreresulta, o maaring magresulta sa, pisikal, sekswal, o sikolohikal na pinsala o pagdurusa sa mga kababaihan, kabilang ang mga banta ng mga naturang kilos, pamimilit, o di-makatuwirang pag-agaw ng kalayaan, naganap man sa publiko o sa pribadong lugar. Kabilang ito ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- a. Karahasang pisikal, sekswal, sikolohikal, at pang-ekonomiyang nararanasan ng pamilya, kabilang ang pambubugbog, pang-aabusong sekswal sa mga batang babae sa tahanan, karahasan na nauugnay sa dote, panggagahasa ng asawa, at iba pang tradisyunal na karahasan na nakakasama sa kababaihan, karahasan sa pagitan ng magkarelasyon, at karahasan na nauugnay sa pagsasamantala;
- b. Karahasang pisikal, sekswal, at sikolohikal na naganap sa komunidad, kasama ang panggagahasa, pang-aabusong sekswal, *sexual harassment*, at pananakot sa trabaho, sa mga institusyong pang-edukasyon at kung saan man, *trafficking* sa mga kababaihan, at prostitusyon; at



¹Republic Act 9262, Anti-Violence Against Women

- c. Karahasang pisikal, sekswal, at sikolohikal na ginawa o pinahintulutan ng Estado, saan man ito mangyari. Kasama dito ang ng karahasan laban sa kababaihan na tinutukoy sa R.A. No. 9208 at 9262. Ginagamit din ang terminong ito sa *Magna Carta of Women* para sa *gender-based violence*.

Ano ang mga mandato ng Estado na tumutugon sa VAW?

- a. Kinokondena ng Estado ang lahat na uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan at itinataguyod nito ang pag-aalis ng diskriminasyong ito sa pamamagitan ng angkop na pamamaraan at walang antalang patakaran laban sa diskriminasyon.
- b. Naglalayon ang *Magna Carta of Women* na alisin ang diskriminasyon laban sa kababaihan sa pamamagitan ng pagkilala, pagprotekta, pagtupad, at pagtaguyod ng mga karapatan ng mga kababaihang Pilipino, lalo na ang mga *marginalized* na sektor.

ANG VAW AT ANG BARANGAY

Ano ang mandato ng mga barangay para wakasan ang VAW?

Ang barangay ay may responsibilidad na alamin ang *gender issues* sa kanilang komunidad at gumawa ng mga epektibong programa, proyekto at aktibidad na tutugon dito at nakapa-loob sa *gender and development plan* nito. Ito ay alinsunod sa *Magna Carta of Women*.

Sa ilalim ng *Section 12D, Rule IV* ng *Implementing Rules and Regulations* ng *Magna Carta of Women* ipinapahiwatig dito ang pagtatag ng *VAW desk* sa bawat barangay upang masiguro na ganap na matutugunan ang anumang pang-aabuso sa mga kababaihan gamit ang mga paraang *gender-responsive*.²

Ano ang tungkulin ng barangay sa insidente ng karahasan?

Ayon sa JMC No. 2010-2, ang barangay ay may kapangyarihang rumesponde sa karahasan laban sa kababaihan at mag-isyu ng *BARANGAY PROTECTION ORDER*. Ang sumusunod ay mga tungkulin ng opisyal ng barangay at tagapagpatupad ng batas laban sa mga insidente ng karahasan sa kababaihan:



²https://pcw.gov.ph/assets/files/2019/05/IACVAWC_JMC_2010_2_VAW-Desk-Barangay.pdf

KARATI-K

- a. **KUMPISKAHIN** ang anumang nakamamatay na sandata na nasa pagmamay-ari ng salarin o hayagang nakikita;
- b. Magbigay ng **ASISTENSYA** sa mga opisyal na tumutugon sa biktima;
- c. Agad na **i-REPORT** ang panawagan ng DSWD, C/MSWDO o *accredited non-government organizations* (NGOs) para sa pagsusuri o pagbigay tugon sa biktima;
- d. **ARESTUHIN** nang walang *Warrant of Arrest* ang pinaghihinalaang salarin kapag alin man sa karahasan na tinutukoy sa ilalim ng RA No. 9262 ay nagaganap, o naganap pa lamang ayun sa kaniyang personal na kaalaman at may napipintong panganib sa buhay ng biktima dahil sa karahasan na tinutukoy sa nasabing batas;
- e. Kaagad **TUGUNAN** ang hinihinging proteksyon o tulong ng biktima sa pamamagitan ng pag-isyu ng *protection order* o ibang paraan ng pagtulong na may pagsa-alangalang ng kaligtasan ng biktima;
- f. **IHATID** ang biktima sa isang ligtas na lugar na kaniyang pinili o sa isang klinika o ospital;
- g. Tulungan ang biktima sa pag-**KUHA** ng mga *personal* na gamit sa bahay;

Ang sinumang opisyal ng barangay o tagapagpatupad ng batas na hindi makapag-*report* ng insidente ay magmumulta ng hindi hihigit sa sampung libong piso (P10,000.00) o kung naaangkop, ay mananagot sa kasong kriminal, sibil o administratibo.³

³Republic Act No. 9262 Anti-Violence Against Women and Children Act

PAGTATAG NG VAW DESK SA BARANGAY

Ano ang *Violence Against Women (VAW) Desk*?

Ang *VAW Desk* ay pasilidad na tumutugon sa mga kaso ng VAW sa paraang *gender-responsive* at pinamamahalaan ng taong itinalaga ng punong barangay. Tumutukoy ito sa mga sumusunod:

- (1) Taong namamahala sa desk o ang *VAW Desk Officer*
- (2) Pisikal na pasilidad na tumutukoy sa mga kailangang gamit sa *VAW Desk* at sa serbisyong ibinibigay nito; at
- (3) Sistemang sinusunod sa paghahatid ng mga serbisyo upang bigyan ng katapusan ang VAW.

Paano ang pagtatag ng *VAW Desk* at anu-ano ang mga dapat isaalang-alang ng punong barangay?

Pipili ang punong barangay ng lugar na itatalaga niya bilang *VAW Desk*. Ang *VAW desk* ay kinakailangang nasa loob ng *barangay hall*. Kung walang pwedeng lugar sa *barangay hall*, maaaring sa tanggapan mismo ng punong barangay o sa malapit dito. Magbibigay ang punong barangay ng kinakailangang kasangkapan at mga kagamitan tulad ng mesa, upuan, kabinet, at *log book*.



Dapat siguraduhin ng punong barangay na inilalagay at ginagamit ang mga pasilidad at/o kagamitan sa *VAW Desk* sa paraan na mapoprocketahan ang *privacy* ng *VAW victim-survivor* sa lahat ng yugto ng interbensiyon.

Paano masisiguro ng *VAW Desk* ang pagiging kompidensyal ng *VAW cases*?

a. Hiwalay na *logbook*

Dapat magbigay ang barangay ng hiwalay na *log book* at kabinet na eksklusibong gagamitin para sa mga dokumentong ukol sa *VAW*. Ang *log book* ay dapat hiwalay sa iba pang tala ng reklamo na dinadala sa barangay. Responsibilidad ng *VAW Desk Officer* na panatilihin at siguraduhing laging nakasarado ang *filig cabinet*.

b. Hiwalay na silid

Kung maaari, dapat mayroong hiwalay na silid sa barangay kung saan isinasagawa ang pakikipanayam at pagpapayo sa *VAW victim-survivor*. Ang hiwalay na silid ay siguraduhin na ang mga personal na kalagayan ng *VAW victim-survivor* at ng kanyang mga anak ay pananatilihin kumpidensyal ng *VAW Desk Officer* at/o ng punong barangay. Ang magkahiwalay na pribadong silid ay maaari rin makatulong na pagaanin ang kalooban ng *VAW victim-survivor*.

Anong mga kagamitan at pasilidad ang kinakailangan sa *VAW Desk*?

Ayon sa JMC No. 2010-2 ang mga sumusunod ang *minimum* na kinakailangan para sa *VAW Desk*: mesa, upuan, *log book*, at *cabinet*. Ang mga sumusunod naman ay kinakailangan para sa mahusay, mabisa, at *gender-responsive* na paghahatid ng mga serbisyo:

a. *Barangay Protection Order (BPO) Form*⁴

b. Iba pang mahalagang porma⁵ tulad ng:

⁴Tingnan ang *Annex A* para sa halimbawa ng *BPO Form*

⁵Tingnan ang *Annex B, C, D at E* para sa halimbawa ng *National Violence Against Women (NVAW) Documentation System Barangay Form*

1. *NVAW Documentation System* – porma kung saan isinusulat ang mga kaganapan ng karahasan;
 2. *Referral Form* – porma para sa mas madaling pagsangguni ng kaso at paggamit ng serbisyo mula sa nararapat na ahensya ng gobyerno o iba pang makatutulong na institusyon;
 3. *Feed-backing Form* – porma upang malaman ang mga puna sa serbisyo o responde na naibigay patungkol sa kaso; at
 4. *Monthly Reporting Forms* – buwanang report na isinusumite ng barangay sa M/CSWD at iba pang ahensya.
- c. *First-aid kit*;
- d. Kamera at *tape recorder*; at
- e. Damit, *toiletries*, higaan para sa VAW *victim-survivor* kasama ang kanyang anak o mga anak, kung kinakailangan.

PAGTATALAGA NG VAW DESK OFFICER

Itatalaga ng punong barangay ang sinumang may pagsasanay at kakayahan sa *gender-sensitive* na paghawak ng mga kaso. Makakabuti rin kung ang itatalaga ay babaeng barangay kagawad o baranagay tanod.

Maaari bang italaga ang pribadong indibidwal bilang VAW Desk Officer?

Oo, kung walang sinanay na opisyal sa barangay, maaaring magtalaga ang punong barangay ng pribadong indibidwal na dapat munang sumailalim sa pangunahing pagsasanay sa *gender-sensitivity training* (GST) at oryentasyon sa mga batas laban sa *violence against women* (VAW).

Kailangan bang babae ang VAW Desk Officer?

Hindi. Walang tiyak na pagbabawal sa pagtatalaga ng lalaking VAW Desk Officer. Ang mga alituntunin ay inilahad lamang sapagkat ipinakita sa karanasan at pag-aaral na ang mga VAW *victim-survivor* ay mas komportable na humingi ng tulong sa mga babae.




Ilan ang puwedeng i-appoint na *VAW Desk Officer* ng Punong Barangay?

Ayon sa JMC No. 2010-2, isang *VAW Desk Officer* lamang ang kailangan bawat barangay. Subalit, inirerekomenda na magkaroon ng isang kahalili bilang karagdagan sa itinalagang *VAW Desk Officer*.

Ano ang mga kwalipikasyon o kakayahan na kinakailangan ng isang *VAW Desk Officer*?

Ang *VAW Desk Officer* ay dapat may kasanayan sa *gender sensitive* na paghawak ng mga kasong VAW. Dahil dito, dapat siyang sumailalim sa *gender-sensitivity training* para mas maunawaan niya ang *gender-based violence*, ang mga nagpapalala nito, at ang paglaganap ng mga manipestasyon nito.

Ang *VAW Desk Officer* ay hindi kinakailangang may alam sa batas. Gayunpaman, dapat meron siyang oryentasyon sa mga batas na nagbibigay proteksyon sa mga karapatan ng kababaihan. Makakatulong ito sa kanya upang kilalanin ang mga uri ng pang-aabusong ginawa at ang kaukulang tugon sa bawat insidente ng pang-aabuso.



1. Ano ang mga tungkulin ng *VAW Desk Officer* na ibinigay sa ilalim ng JMC No. 2010-2?

Ang sumusunod ang mga tungkulin ng *VAW Desk Officer*:

PAPIL-TRI

- a. Tulungan ang mga *VAW victim-survivors* sa pagkuha ng *Barangay PROTECTION ORDER* (BPO) at sa pag-access ng mga kinakailangan na serbisyo;
- b. Manguna sa mga **ADBOKASIYA** sa pag-sugpo ng VAW sa komunidad;
- c. Bumuo ng *gender-responsive* na **PLANO** sa barangay para tugunan ang mga *gender-based violence*, kabilang na ang mga pangsuportang serbisyo, mga pagsasanay, at *referral system*;
- d. **ITALA** ang bilang ng *gender-based violence* na tinugunan ng barangay at magsumite ng *quarterly report* ng lahat ng kaso ng VAW sa *DILG/Municipal Field Office* at sa *City/Municipal Social Welfare Development Office* (C/MSWDO);
- e. Panatilihin **LIHIM** at ligtas ang mga tala ng kaso ng VAWC, at tiyaking ang mga awtorisadong opisyal/tao lamang ang maaaring mag-access nito;
- f. Bigyang **TUGON** ang mga kaso ng *gender-based violence* na dinala sa barangay;
- g. Makipag-ugnayan at i-**REFER**, kung kinakailangan, ang kaso sa mga ahensya ng gobyerno, mga NGOs, at iba pang grupo na nagbibigay ng serbisyo at programa para sa *VAW victim-survivors*; at
- h. Bigyang tugon ang **IBA PANG** uri ng pang-aabuso laban sa mga kababaihan, lalo na sa mga bata, matatanda, babaeng may kapansanan, at iba pang *marginalized sector*.



PROTOCOL SA PAGHAWAK NG MGA KASO NG VAW SA ANTAS NG BARANGAY

Ano ang mandato ng barangay ukol sa mga kaso ng VAWC sa ilalim ng R.A. No. 9262?

Ang *Anti-Violence Against Women and Children* (VAWC) o R.A. No. 9262 ay naguutos sa punong barangay o sa kanyang kagawad (kapag wala ang punong barangay) na gumawa ng mabilisang aksyon kapag may nabalitaan tungkol sa isang marahas na insidente. May obligasyon din silang mag-isyu ng *Barangay Protection Order* (BPO) sa araw na naisampa ang aplikasyon.


Kailan maaaring mag-isyu ang barangay ng BPO?

Gagawin lamang ang pag-isyu ng BPO matapos ang pagpapasya kung ang mga sumusunod na pang-aabuso ay kasalukuyang hinaharap:

- Pisikal na karahasan sa babae o anak nito;
- Pagtatangka ng pisikal na karahasan sa babae o anak nito.

Ang naturang BPO ay dapat na naglalaman ng alinman sa mga sumusunod:

- Pagbabawal sa inirereklamo na pagbantaang saktan o saktan, *personal* man o sa pamamagitan ng ibang tao, ang biktima sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na aksyon sa ilalim ng Seksyon 7 (a) at (b) ng panuntunan ng RA 9262; at
- Pagbabawal sa nirereklamo ng panliligalig, pang-iinis, pagtawag sa telepono, pakikipag-ugnayan o kung hindi man ay pakikipag-usap sa biktima, direkta man o sa ibang paraan.⁶



⁶Implementing Rules and Regulations ng Republic Act No. 9262


Sa mga pagkakataon na hindi pisikal na pang-aabuso ang isyu, responsibilidad ng *VAW desk officer* na gampanan ang iba pang tungkulin nito katulad ng pag-dokumento at personal na pag-*refer* sa ahensya o institusyon na makapagbibigay nang kinakailangan na tugon.

Maaari bang maimpluwensiyahan o pilitin ng punong barangay o ng barangay kagawad ang *VAW victim-survivor* na makipag-ayos o pumasok sa kasunduan kasama ang akusado?

Hindi, ayon sa batas ang punong barangay o barangay kagawad ay hindi dapat mag-utos, mamilit o impluwensiyahan ang *victim-survivor* na ikompromiso at iwanan ang mga proteksiyon na nais makuha mula sa *protection order*. Sa katunayan, lahat ng porma ng kasunduan o areglo sa ilalim ng Katarungang Pambarangay tulad ng *mediation*, *settlement*, *concillitation*, o *arbitration* ay ipinagbabawal sa mga kaso ng VAW.




Ang babaeng victim-survivor ay maaring humingi ng tulong mula sa barangay. Pwedeng siya mismo ang humingi ng tulong o sa pamamagitan ng ibang tao.




Gagawa ng paraan ang VAW Desk Officer para maging komportable ang VAW victim-survivor at ang kaniyang anak (kung meron) sa ligtas na lugar o hiwalay na silid bago gawin ang pangunahing pagtatasa (assessment) at panayam.



Tulungan ang Punong Barangay/Kagawad sa pagsasagawa ng imbestigasyon upang matiyak na ang panayam ay isinasagawa sa paraang gender-sensitive at hindi mapanghusga gamit ang wikang nauunawaan ng VAW victim-survivor.



Iulat ang insidente sa loob ng apat (4) oras sa PNP at sa C/MSWDO.



Tulungan ang VAW victim-survivor na magsampa ng Temporary Protection Order (TPO) o Permanent Protection Order (PPO) sa pinakamalapit na Family Court sa loob ng bente-kuwatro (24) oras pagkatapos ng pagpapalabas ng BPO, kung nais ng victim-survivor magsampa o siya mismo ang nag-apply para sa TPO / PPO sa halip na BPO;



Ipaalam sa VAW victim-survivor ang kanyang mga karapatan at mga remedyo na puwedeng gamitin sa kasong may kaugnayan sa BPO. Tulungan ang VAW victim-survivor kung kinakailanagang magsampa ng aplikasyon para sa BPO.

Ano ang dapat gawin ng *VAW Desk Officer* kapag ang *VAW victim-survivor* ay humingi ng tulong sa barangay?

- a. Gawing komportable ang *VAW victim-survivor* at ang kanyang mga anak (kung kasama) sa ligtas at pribadong silid at bigyan ng tubig, makakain o ibang pang pangangailangan;
- b. Suriin ang sitwasyon at kunin ang pangunahing impormasyon upang matukoy ang mga panganib. Kung kinakailangan, agarang samahan at i-refer sa pinakamalapit na medikal na pasilidad;
- c. Kapag mahinahon na ang *VAW victim-survivor*, tulungan ang punong barangay o kagawad sa paggawa ng *gender-sensitive* na pagsisiyasat o pag-imbestiga;
- d. Ipaalam sa *VAW victim-survivor* ang kanyang mga karapatan, mga remedyong magagamit, at ang mga proseso na kaugnay sa BPO. Tulungan siyang magsampa ng aplikasyon, kung nais niyang magkaroon ng BPO;
- e. Itala ang insidente gamit ang *NVAW Documentation System Barangay Form*;
- f. Kung ang *VAW victim-survivor* ay nagnanais ng ligtas na kanlungan, samahan at i-refer ito sa isang *women's center* o sa C/MSWDO. Humingi ng tulong sa ibang mga opisyal ng barangay, barangay tanod, o pulisya sa pagkuha ng kanyang mga gamit sa kanilang tahanan;
- g. Tulungan ang *VAW victim-survivor* na magsampa para sa pansamantalang proteksiyon (*Temporary Protection Order (TPO)*) o permanenteng proteksiyon (*Permanent Protection Order (PPO)*) sa pinakamalapit na *Family Court* sa loob ng bente-kuwatrong (24) oras pagkatapos ng paglabas ng BPO, kung nais ng *victim-survivor*, o i-direkta siyang mag-*apply* para sa TPO/PPO sa halip na BPO;
- h. Iulat ang insidente sa loob ng apat (4) na oras sa PNP at C/MSWDO.

Ano ang dapat gawin ng *VAW Desk Officer* kung ang insidente ng karahasan laban sa kababaihan o kanyang anak ay iniulat ng miyembro ng pamayanan sa barangay?

- Alamin kung totoo ang impormasyon at, kung kinakailangan, humingi ng tulong mula sa PNP;
- Suriin ang sitwasyon at padaliin ang pagsagip sa *VAW victim-survivor* kung kinakailangan upang matiyak ang kanyang kaligtasan at ng kanyang mga anak;
- Ipaalam sa *VAW victim-survivor* ang kanyang mga karapatan at ang magagamit na mga remedyo lalo na ang BPO at proseso nito, kung nais ng *victim-survivor*.
- I-refer ang *VAW victim-survivor* sa mga ahensiyang nagbibigay ng serbisyong medikal, pansamantalang tirahan at iba pang mga pangangailangan batay sa ginawang pagsusuri ng panganib;
- Itala ang insidente gamit ang *NVAW*;
- Kung hindi nagawa nang mas maaga, iulat ang insidente sa loob ng apat (4) na oras sa PNP at C/MSWDO.

Ano ang dapat gawin ng *VAW Desk Officer* kung ang insidente na iniulat ay nagsasangkot ng mga kaso ng panggagahasa, trafficking, at iba pang mga kaso na hindi nasasakop ng barangay?

Kung ang naiulat na insidente ay mga kaso na hindi sakop ng barangay, kailangang tulungan ng *VAW Desk Officer* ang *victim-survivor* para sa pagsampa ng reklamo sa *PNP Women and Children Protection Center* o sa *National Bureau of Investigation* (NBI).

Sapagsagawanito, naiintindihan na ang *VAW Desk Officer* ay napag-aralanna ang sitwasyon at nagpaabot ng kinakailangang paunang tulong sa *victim-survivor* tulad ng pagbibigay ng pangunang lunas at pagpapahinahon.

Kung ang tulong na kinakailangan ay lampas sa kakayahan ng barangay, dapat i-refer ng *VAW Desk Officer* ang kaso sa ibang ahensya o institusyong maaaring magbigay ng tulong sa *victim-survivor*

Paano dapat gawin ang mga *referral*?

Ang *referral* ay isang mekanismong nagpapadali ng pagkokonekta sa mga serbisyong makakatulong upang protektahan at itaguyod ang karapatang pantao ng mga *victim survivor* at matiyak ang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.

Dapat itaguyod ng *VAW Desk Officer* ang mga ugnayan o *network* sa pagitan ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan o mga pribadong ahensya na maaaring magbigay ng espesyal na tulong sa *victim-survivor*.

Sa pagsasagawa ng mga *referral*, dapat samahan ng *VAW Desk Officer* ang *victim-survivor* at i-endorso ang *victim-survivor* sa naaangkop na ahensya ng gobyerno, pribado, o NGO para sa kanilang tulong. Ang *referral form*⁷ na inihanda ng PCW ay maaaring magamit upang mapadali ang *referral system* ng barangay.



Anong mga ahensya ang ipinag-uutos sa ilalim ng batas na magbigay ng tulong sa mga kaso ng VAW?

Ang mga sumusunod na ahensya ng gobyerno kasama ang mga pribado at *non-governmental organizations* (NGOs) ay inatasan ng batas na magbigay tulong sa mga *victim-survivors* ng VAWC⁸:

- a. Ang *Public Attorney's Office* (PAO) ng DOJ ay dapat magbigay ng *legal assistance* sa VAW *victim-survivor*;

⁷Tingnan ang *Annex C* para sa halimbawa.

⁸Tingnan ang ika-38-40 na Seksyon, Rule VI, ng *Implementing Rules of Regulation (IRR) of Anti Violence Against Women and their Children Act of 2004 (R.A. No. 9262)*

b. Ang DSWD at ang LGUs ay dapat:

1. Magbigay ng agarang proteksiyon, payong *psycho-social* at iba pang serbisyong rehabilitasyon;
2. Magkaroon ng mga pagsasanay at iba pang serbisyo para sa pagpapaunlad ng kabuhayan;
3. Tiyaking matagumpay ang pagbabalik ng *VAW victim-survivor* at ng kanyang anak sa komunidad; at
4. Nakasaad din sa ilalim ng *DILG Memorandum Circular No. 2021-93* na ang bawat LGU ay dapat na magsagawa ng *mapping* ng mga serbisyong ibinibigay hindi lamang ng gobyerno kundi ng mga *non-government* at *civil society organizations, faith-based* at *religious groups*, mga kolehiyo at unibersidad, mga pribadong grupo at iba pang nakabase sa komunidad, para sa *VAW victim survivors*.

Ang resulta ng *mapping* na ito ay magsisilbing *resource directory* ng mga serbisyo para sa mga kaso ng VAW na magiging malaking tulong din para sa mga *VAW Desk Officers* ng mga barangay.

c. *Women and Children Protection Unit* (WCPU) sa mga ospital ng DOH o sa koordinasyon sa mga lokal na pamahalaan at iba pa nitong *health facilities* ay dapat magbigay ng mga sumusunod na tulong:

1. Kumpletong pagsusuri sa pisikal at *mental* na kalagayan ng *VAW victim-survivor*;
2. Medikal na tulong;
3. Sikolohikal na pagsusuri at gamutan;
4. Paglagi sa ospital kung kinakailangan;
5. Sumangguni sa mga espesyalistang ospital at iba pang ahensya kung kinakailangan;
6. Pamahalaan ang mga kailangan ng mga *VAW victim-survivor* patungkol sa *reproductive health*; at
7. Kung kinakailangan, makipag-ugnayan sa DSWD o *social worker* ng LGU, o pulisya at mga *child protection desk officer* para sa agarang tulong sa *victim-survivor* at kanyang anak/mga anak.

Mayroon bang magagamit na interbensyon ang mga akusado na lumabag sa R.A. No. 9262?

Meron. Ang DSWD, sa pakikipag-ugnayan sa mga *non-governmental organizations* (NGOs) at LGUs, ay inatasang magkaroon ng mabisang programa para sa sikolohikal na rehabilitasyon ng akusado na may kasamang pagpapayo at paggamot.⁹

⁹ka-41 na Seksyon ng *Rule VI, IRR* ng R.A. No. 9262

PAG-UULAT AT PAGMO-MONITOR

Ano ang mga responsibilidad ng *VAW Desk Officer* na may kaugnayan sa pagpapatupad nito sa pag-uulat at pagpapanatiling kompidensyal sa mga kaso ng *VAWC*?

Ang *VAW Desk Officer* ay dapat may *log book* kung saan dapat nakatala ang mga sumusunod na impormasyon:

- (1) *Personal* na kalagayan ng *VAW victim-survivor*;
- (2) Maikling pagsasalaysay ng insidente ng pang-aabuso; at
- (3) Tulong na ibinigay sa *VAW victim-survivor*.

Dapat igalang at protektahan ang pagiging kompidensyal ng impormasyon na nakasaad sa *log book*. Dahil dito, dapat panatilihin ng barangay na may hiwalay na *log book* at kabinet para sa pag-iingat ng mga impormasyon patungkol sa *VAW*.

Kung maaari, dapat hayaan ang *VAW victim-survivor* na magsulat sa *log book* ng kaniyang *personal* na impormasyon. Kung sa anumang kadahilanan ay hindi kaya ng *VAW victim-survivor* na gawin ito nang mag-isa, ang *VAW Desk Officer* ang nakatalagang mag-record ng impormasyon ng *VAW victim-survivor*.

Bukod sa *log book*, mayroon pa bang ibang dokumento na kinakailangan para sa mga kaso ng *VAW*? Paano ito gagamitin?

Oo. Dapat ding gamitin ang *PCW NVAW Documentation System*. Dapat gawin ang pagtala sa pamamagitan ng paglilipat sa *NVAW documentation form*¹⁰ mula sa *log book* ng mga impormasyong naipon sa pakikipanayam.

¹⁰Tingnan ang *Annex B* para sa halimbawa

Paano inuulat ang mga kaso ng VAW? Saan isinusumite ang mga nakalap na impormasyon?

Dapat maghanda ang *VAW Desk Officer* ng ulat gamit ang *Monthly Reporting Form*¹¹ mula sa PCW. Dapat maipakita sa ulat ang kabuuang bilang ng *VAW victim-survivors* na tinulungan ng *VAW Desk* at ang kabuuang populasyon sa barangay.

Pagkatapos nito, dapat isumite ang ulat buwan-buwan sa (1) Punong barangay, (2) C/MSWDO, at sa (3) PNP Women's Desk. Dapat ding *quarterly* na magsumite nito sa City Municipal Field Office ng DILG.

¹¹Tingnan ang *Annex D* para sa halimbawa

BADYET PARA SA PAGTATAG AT OPERASYON NG VAW DESK

Saan makukuha ng barangay ang badyet/pondong kailangan para sa pagtatag at operasyon ng VAW Desk?

Kukunin ang gagastusin sa pagtatag at pagpapatakbo ng VAW Desk mula sa badyet ng *Gender and Development* (GAD) ng LGU na hindi dapat bababa sa limang porsyento (5%) ng kanilang taunang pondo. Dapat itong isama sa *GAD Plans and Programs* ng mga lokal na gobyerno.

Anong mga programa, aktibidad o gastusin ang maaaring ibilang sa GAD ng isang lokal na gobyerno?


Ang mga programa at aktibidad na *gender-responsive* o *sensitive* ay kabilang sa maaaring ibawas sa badyet para sa *Gender and Development*.

Ang JMC No. 2012-01 ay mayroong mga alituntunin para sa pagdetermina kung ang isang programa ay *gender-responsive* o *sensitive* tulad ng *harmonized gender and development guidelines* na kalakip nito para sa pagtukoy ng mga naaangkop na programa sa ilalim ng GAD.

Kagaya ng mga *seminars or workshop* para sa karagdagang kaalaman ng kababaihan patungkol sa kanilang mga karapatan o kagamitan na makakatulong sa implementasyon ng RA 9262 at iba pa.

Maaari bang ilaan ang buong 5% badyet para sa GAD sa operasyon ng VAW Desk lamang?

Oo. Ang pagsisimula at operasyon ng VAW Desk ay isang ganap na *gender responsive* na programa kaya maaaring ilaan ang buong GAD badyet ng barangay para rito.



Maaari bang humigit sa 5% ng pondo ng lokal na gobyerno o barangay ang ilaan para sa GAD?

Oo. Ang nakasaad na 5% para sa GAD ay *minimum* lamang na dapat ilaan para dito upang matiyak ang implementasyon ng mga programa sa ilalim nito. Hindi nililimitihan ng batas ang paglalaan ng higit pang pondo para sa GAD *program*.

Maari bang ibawas sa GAD badyet ang sweldo ng isang opisyal bilang VAW Desk Officer?

Oo. Ayon sa JMC No. 2016-1 ng PCW at iba pang ahensya, ang mga sumusunod ay maaring ibawas sa GAD badyet ng barangay:

- a. Mga programa, proyekto at aktibidad na tumutugon sa mga isyu at mandato ukol sa *gender and development* kabilang na ang mga kinakailangang gastusin para sa mga kagamitan, pagbyahe, pagkain, akomodasyon, at *professional fees*;
- b. Mga pagsasanay para sa pagpapalago ng kaalaman at kapasidad sa GAD;
- c. Mga kaugnay na aktibidad para sa pagpasimula o pagtatag ng mga mekanismong sumusuporta sa GAD tulad ng *VAW Desks*;
- d. Sweldo ng mga *personaheng* natalaga upang magplano, magtaguyod at mag-*monitor* ng mga proyekto, programa at aktibidad na para sa GAD;
- e. Bayad para sa mga serbisyo ng mga *gender experts* o espesyalista na kinuha para sa aktibidad kaugnay ng GAD.

Ang mga nasabing gastusin ay kailangang may relasyon sa pagpapatupad ng mga proyekto, programa at aktibidad para sa GAD o anumang bagong *gender issue*.

MGA PANANAGUTAN NA NAKAPATAW SA MGA OPISYAL NG BARANGAY

Ano ang mga ipinagbabawal o pananagutan ng mga punong barangay, *VAW Desk Officer*, at iba pang opisyal ng barangay na may kaugnayan sa VAWC at pagpapalabas ng BPO sa ilalim ng R.A. No. 9262?

Itinuturing na labag sa batas at maaaring magbigay sa kinauukulang opisyal ng pananagutang administratibo sa barangay ang mga sumusunod:

- a. Pag-*order*, pagdidirekta, pagpuwersa o anumang paraan upang ma-impluwensiyahan ang aplikanteng *VAW victim-survivor* na ikompromiso o abandonahin ang alinman sa mga remedyo na unang hiningi sa aplikasyon para sa BPO¹²;
- b. Hindi pagbibigay aksyon sa aplikasyon para sa BPO sa loob ng *reglementary period* na tinutukoy sa R.A. No. 9262 at sa pagpapatupad ng mga patakaran at regulasyon¹³ na walang makatuwirang dahilan (*justifiable cause*);
- c. Pagtanggap na isampa ang reklamo para sa paglabag ng BPO ng punong barangay o kagawad na naglabas ng BPO¹⁴; at
- d. Hindi pag-ulat ng insidente ng VAWC sa PNP sa loob ng apat (4) na oras mula nang i-*report* ang insidenteng ito sa barangay.¹⁵

¹²Seksyon 27, ika-2 talata, *Rule IV, IRR ng R.A. No. 9262*

¹³Dapat mag-isyu ang punong barangay or kagawad ng BPO sa parehong araw ng aplikasyon nito, pagkatapos ng *ex parte proceedings*. Xxx. Kung wala ang punong barangay para tugunan ang aplikasyon para sa BPO, ito ay dapat bigyang tugon ng presenting barangay kagawad. Sa gayong pangyayari, ang *order* ay dapat may kalakip na *attestation* ng barangay kagawad na ang punong barangay ay kasalukuyang wala noong oras ng aplikasyon para sa BPO (*Rule IV, Section 14 (b), IRR ng Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004*)

Ang *Ex parte* at *adversarial hearings* para malaman ang basehan ng aplikasyon para sa *protection order* sa ilalim ng batas ay dapat bigyang prayoridad kumpara sa ibang mga *proceedings*. Ang mga Barangay official at korte ay magtatalaga ng panahon at magsasagawa ng *hearings* ng aplikasyon para sa *protection* sa ilalim ng batas kumara sa iba pang gawain at kung kinakailangan ay suspendihin ang anumang *proceeding* na nakataya para sa halip ay pakinggan ang aplikasyon para sa *protection order* (*Rule IV, Section 29, IRR of the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004*)

¹⁴Tingnan ang ika-16 na Seksyon ng Rule IV ng *Implementing Rules and Regulations* ng R.A. No. 9262, *Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004*

¹⁵Tingnan ang ika-47 Seksyon ng *Rule VIII ng Implementing Rules and Regulations* ng R.A. N.o 9262, *Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004*

Kailan maaaring magkaroon ng pananagutang kriminal ang mga opisyal ng barangay na may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin sa ilalim ng RA No. 9262?

May pananagutang kriminal ang sinumang opisyal ng barangay kapag isiniwalat nito ang pangalan at personal na kalagayan ng mga VAW *victim-survivor* o iba pang impormasyon na may posibilidad na mailantad ang kanilang pagkakatilanlan sa *media* o publiko¹⁶.

Maaari ring magsampa ang VAW *victim-survivor* ng aksyong kriminal laban sa kinauukulang opisyal ng barangay para sa komisyon ng anumang kilos na sakop sa nabanggit na kasong administratibo.

¹⁶Tingnan ang ikalawang talata ng ika-63 Seksyon ng *Implementing Rules and Regulation* ng R.A. No. 9262, *Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004*

ANNEX-A

SAMPLE BPO APPLICATION

Republic of the Philippines
Province of Camarines Sur
City of Naga
Barangay Husay

APPLICATION FOR BARANGAY PROTECTION ORDER

Name of Applicant: _____ Date of Birth: _____
 Address: _____ Tel no: _____
 Relation of the Victim: _____ Occupation _____

Name of Victim: _____ Date of Birth: _____
 Address: _____ Tel no: _____
 Occupation/Source of Income: _____
 Civil Status: Single Married Widow Separated Legally Separated

Name/s of Children:	Date of Birth:	Sex:
_____	_____	_____
Other Children Under her Care	Date of Birth:	Sex:
_____	_____	_____

Name of Respondent: _____ Date of Birth: _____
 Sex: _____ Occupation/Source of Income: _____
 Civil Status: Single Married Widow Separated Legally Separated

Relationship of Victim to Respondent:
 Wife Former Wife Live-in Relationship Dating Relationship Sexual Relationship


Relationship of Victim to Respondent:

Acts Complained of: _____ Threats _____ Physical Injuries _____ Others
 Description: _____

Date/s of Commission: _____ Place of Commission _____
 If Applicant is not the victim, state the Circumstances of Consents:
 Applicant Signature over Printed Name: _____ Date: _____

ANNEX-B

NATIONAL VIOLENCE AGAINST WOMEN (NVAW) DOCUMENTATION SYSTEM (INTAKE FORM)

 **National Violence Against Women (NVAW) Documentation System**
Barangay Client Card

Handling Organization*: _____ Date of Intake*: ____/____/____ (mm/dd/yyyy)
Address*: _____
Region*: _____ Province*: _____ City/Mun.* _____ Barangay*: _____
Intake by*: _____ Last Name First Name Middle Name Position: _____
Case Manager: _____ Last Name First Name Middle Name

VICTIM-SURVIVOR INFORMATION

Case/Blotter No.* _____ Name*: _____ Last Name First Name Middle Name
Sex* Male Female Date of Birth*: ____/____/____ (mm/dd/yyyy) Age*: _____
Civil Status*: Single Married No formal education Elementary Level/Graduated High School Level/Graduated
 Live-in Widowed Vocational College Level / Graduated Post Graduate
 Separated No Response Others _____
Nationality: _____ Passport No. (if non-Filipino): _____
Occupation*: _____
Religion*: Roman Catholic Islam Protestant Iglesia ni Kristo Aglipayan Others _____
Address: _____
Region: _____ Province: _____ City/Mun. _____ Barangay: _____
 With Disability: Permanent Disability Temporary Disability
 Without Disability
Number of Children (if any): _____ Ages of children: _____ (comma separated, from eldest to youngest)

IF VICTIM-SURVIVOR IS A CHILD (below 18 or as define in R.A. 7610)

Name of Parent / Guardian: _____ Last Name First Name Middle Name
Relationship of Guardian to Victim-Survivor: _____
Address of the Guardian: _____
Region: _____ Province: _____ City/Mun. _____ Barangay: _____
Contact no. of Parent / Guardian: _____

PERPETRATOR INFORMATION

Name: _____ Last Name First Name Middle Name Alias: _____
Sex: Male Female Date of Birth: ____/____/____ (mm/dd/yyyy) Age: _____
Civil Status: Single Married No formal education Elementary Level/Graduated High School Level/Graduated
 Live-in Widowed Vocational College Level / Graduated Post Graduate
 Separated No data No Response Others _____
Nationality: _____ Passport no. (if non-Filipino): _____
Occupation: _____ Identifying marks: _____
Religion: Roman Catholic Islam Protestant Iglesia ni Kristo Aglipayan Others _____
Address: _____
Region: _____ Province: _____ City/Mun. _____ Barangay: _____
Relationship of Perpetrator to Victim*: Current spouse/partner Former spouse/partner Current fiance/dating relationship
 Former fiance/dating relationship Employer/ manager/supervisor Agent of the employer
 Teacher / instructor / professor Coach / trainer People of authority/service provider
 Neighbors/peers/coworkers/classmates Stranger Immediate family (e.g. father, mother _____)
 Other relatives (e.g. uncle, cousin _____) Others _____

IF PERPETRATOR IS A CHILD (below 18 or as define in R.A. 7610)

Name of Parent / Guardian: _____ Last Name First Name Middle Name
Relationship of Guardian to Victim-Survivor: _____
Address of the Guardian: _____
Region: _____ Province: _____ City/Mun. _____ Barangay: _____
Contact no. of Parent / Guardian: _____

- Page 1 of 2 -
Barangay Client Card

INCIDENT INFORMATION

RA 9262: Anti Violence Against Women and Their Children Act*
 Sexual Abuse Psychological Physical Economic Others: _____
 RA 8353: Anti-Rape Law of 1995*
 Rape by sexual intercourse Rape by sexual assault
 Art 336 of the Revised Penal Code*
 Acts of lasciviousness
 RA 7877: Anti-Sexual Harassment Act*
 Verbal Physical Use of objects, pictures, letters or notes with sexual under-pinnings
 RA 7610: Special Protection of Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act*
 Engage, facilitate, promote or attempt to commit child prostitution Sexual Intercourse or lascivious conduct
 RA 9775 Anti-Child Pornography Act*

Description of Incident : _____

Date of Latest Incident: * ____/____/____ (mm/dd/yyyy)
Geographic Location of Incident *
Region _____ Province: _____ City/Mun. _____ Barangay: _____
Place of Incident*: Home Work School Commercial Places
 Religious Institutions Places of Medical Treatment Transport & Connecting Sites
 Brothels and Similar Establishments Others _____ No response

Witnesses: (Use additional Sheet if necessary) (Not to be encoded in the system)
1) _____ Name _____ Address _____ Contact No. _____
Eye-Witness Account: _____

SERVICES INFORMATION

Date: ____/____/____ (mm/dd/yyyy)
 Crisis Intervention including rescue Issuance/Enforcement of Barangay Protection Order

Refer to Social Welfare and Development Office?* Date: ____/____/____ (mm/dd/yyyy)
 Psychosocial services Emergency Shelter Economic Assistance Others _____

Refer to Healthcare provider?* Date: ____/____/____ Name of Healthcare Provider: _____
 First Aid Provision of appropriate medical treatment Issuance of medical certificate
 Medico-legal Exam Others _____

Refer to Law Enforcement?* Date: ____/____/____ Type of Service: _____ Agency: _____

Refer to Other Service Provider?* Date: ____/____/____ Type of Service: _____
Name of Service Provider: _____

- Page 2 of 2 -
Barangay Client Card

ANNEX-C REFERRAL FORM

Case No. _____	Date of Referral: _____
To: _____	
Address: _____	
Contact Person: _____	
Name of Client: _____	
Age: _____	Sex: _____ Address: _____
Name of Family/Guardian: _____	
Address: _____	Contact No. _____
Reason/s for Referral _____	
Specific Service/s Requested _____	
Please refer to attached report/ intake form/case summary for more information.	
Feedback requested and send to Referring Party/Agency:	

Address _____	
Cell Phone No. _____	Landline No. _____
Email address: _____	Fax No. _____
Contact Person _____	
Referred by:	
_____	_____
Signature over Printed Name	Designation

ANNEX-D FEEDBACK FORM

Case No. _____ **Date** _____

Name of Client: _____		Age: _____	Sex: _____	Address: _____		
Date referred: _____			Referred to: _____			
Service/s requested	Service/s provided	Names of service provider/s and designation	Inclusive dates of provision		Other pertinent information such as problem/s encountered	Client's satisfaction feedback (Only for case managers)
			Initial	Update		

ANNEX E MONTHLY REPORT FORM

BARANGAY _____ **Municipality/ City:** _____
Province: _____
Month: _____

Total Number of Clients Served	
Number of Cases Filed	
Total Population of the Barangay	
Female	
Male	

Nature of Case	Total Number of Cases Reported	TOTAL NUMBER OF CASES ACTED UPON					Programs and Activities Implemented
		M/CSWDO	PNP	COURT	Issued BPOs	MEDICAL	
RA 9262 (VAWC)							
Physical							
Sexual							
Psychosocial							
Economic							
RA 8353 (RAPE)							
RA 9208 (Anti-Trafficking)							
RA 7877 (Sexual Harassment)							
Other Cases							



SALIGAN

Main Office:

GF Hoffner Bldg., Social Development Complex
Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City 1108, Philippines

Tel Nos. (+63) (2)84266001 loc. 4859-4860

Telefax: (+63) (2) 84266124

E-mail: saligan@saligan.org

[http:// www.saligan.org](http://www.saligan.org)

Bicol Office:

Door 11 Doña Elena Apartments
J. Miranda Ave., Naga City 4400, Philippines

E-mail: saliganbikol@saligan.org

Mindanao Office:

Door 1, 422 Champaca St.,
Juna Subd., Matina, Davao City 8000, Philippines

Tel No.(+63) (82)2894161

Email: saliganmindanaw@saligan.org



Ang SALIGAN

ay isang legal resource non-governmental organization na kaakibat ng mga kababaihan, manggagawa at mga lokal na komunidad, at tumutugon sa mga isyung pangkalikasan at kapayapaan. Bahagi ng mga programa ng SALIGAN ang paglathala ng mga babasahing tulad nito ukol sa mga karapatan ng mga batayang sektor.